


# Community Collaboration for Children's Success

# **Daly City**

## Plano ng Aksyon sa Lugar 2019-2024

## Pang-ehekutibong Buod




Mga Maylikha: Mga Mag-aaral ng Thomas R. Pollicita Middle School/Mobile Media Club, 2013.


*Bisitahin ang www.gethealthysmc.org/CCCS para makita ang buong

# Pangkalahatang-ideya ng Inisyatiba sa Daly City

Ang inisyatiba ng Pagtutulungan ng Komunidad para sa Tagumpay ng Mga Bata (Community Collaboration for Children's Success, CCCS,) ay isang pamamaraan ng San Mateo County na kabahagi ang maraming ahensiya para tugunan ang heograpikong konsentrasyon ng maraming bilang ng mga kabataan sa mga sistema ng County tulad ng Probasyon para sa Kabataan, Sangay ng Mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya ng Ahensiya ng mga Serbisyo sa Tao, at Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling. Itinutuon ng CCCS ang mga pagsusumikap sa pagpaplano ng komunidad sa apat na lugar para kilalanin at tugunan ang mga pangangailangan ng bawat komunidad habang pinapaunlad ang mga dati nang asset. Ang mga pangmatagalang layunin ng inisyatiba ay makakuha ng mas magagandang resulta para sa mga bata at kabataan at tulungang iwasan ang mga pangyayaring humahantong sa pagkakasangkot sa sistema para sa kabataan.

Apat na lugar ang pinili para bumuo ng mga plano ng aksyon sa lugar para sa inisyatiba ng CCCS at tinukoy ang mga ito dahil pareho itong may mataas na pangangailangan ng kabataan at mataas na kapasidad para sa malalim na pakikibahagi at paglahok ng komunidad. Kinalkula ang Index ng Pangangailangan ng Kabataan at Index ng Kahandaan sa Pagpaplano ng Kabataan gamit ang datos ng ahensiya at komunidad. Para matuto pa, pakibisita ang www.GetHealthySMC.org/CCCS-data. Ang apat na lugar na natukoy ay nasa loob ng Hilagang Fair Oaks/Redwood City, Katimugang San Francisco, Silangang Palo Alto, at Daly City.

Ang lugar sa Daly City na natukoy ay kulay lila sa mapang nasa ibaba, habang ipinapakita ng mga may tuldok na linya ang tinatantyang hangganan para sa pagtutuunang lugar ng CCCS sa Daly City. Sa pagitan ng Nobyembre ng 2018 at Mayo ng 2019, nagtipon ang mga miyembro ng komunidad, kabataan, mga tagapagkaloob ng serbisyo, tagapagturo, mga opisyal sa pagpapatupad ng batas, at iba pang stakeholder sa Daly City at nagbalik-tanaw sa kaalamang ibinahagi ng mga miyembro ng komunidad upang matukoy ang mga pangangailangan at asset ng kapitbahayan sa loob ng komunidad. Sa sandaling matukoy ang mga nangungunang pangangailangan at asset ng komunidad, pinag-usapan ng mga miyembro ng komunidad at binigyang-priyoridad ang mga estratehiya upang tugunan ang mga nangungunang pangangailangan sa pagsuporta sa tagumpay ng mga bata at kabataan sa lugar na ito.



# Proseso ng Pagpaplano ng Daly City

Ang proseso ng pagpaplano ay binubuo ng apat na pangunahing hakbang: 1) pagtitipon ng komunidad ng Daly City, 2) pagsasama-sama ng mga kadalubhasaan mula sa mga residente ng lugar ng Daly City, 3) tulong-tulong na pagbibigay-priyoridad sa mga pangangailangan at estratehiya para sa Plano ng Aksyon, at 4) pagbuo ng Plano ng Aksyon. Naganap ang prosesong ito sa pagitan ng Nobyembre ng 2018 at Hunyo ng 2019.



**1. Tipunin ang komunidad**
Nobyembre 2018-Mayo 2019

**2. Makinig**
Enero-Abril 2019

**3. Bigyan ng priyoridad ang mga estratehiya**
Abril-Mayo 2019

**4. Gawing pinal ang plano ng aksiyon sa lugar**
Mayo-Hunyo 2019

Sa Daly City, ang **11 Champion ng CCCS,** na may malawak na ugnayan sa mga miyembro ng lokal na komunidad, ay nagtipon ng kadalubhasaan at karanasan ng komunidad mula sa humigit-kumulang **300 miyembro ng komunidad** gamit ang mga sumusunod na paraan:

- **2 sesyon ng *Tell Us*** (mga talakayan ng maliliit na grupo) kasama ang **22 magulang/tagapag-alaga,**
- **Ang mga survey** ay kinumpleto ng **103 kabataan** at **148 magulang/tagapag-alaga**, at
- **2 *Dream Wall*** (mga poster na may mahahalagang tanong sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at Chinese kung saan ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring sumulat o kumuha ng mga tugon) na may hindi bababa sa **24 na tagasagot.**

Pinangunahan ng Daly City Neighborhood Leadership Group (Pamunuang Pangkat sa Lugar ng Daly City) ang proseso sa lokal na antas at ginabayan ng isang Komite sa Pamamahala (Steering Committee, SC) para sa Buong County ang proseso sa antas ng County:

- **Humigit-kumulang 33 miyembro ng komunidad ang** lumahok sa **4 na pagpupulong ng Daly City Neighborhood Leadership Group (NLG).** Kinatawan ng mga kalahok mula NLG ang higit sa **20 indibidwal, organisasyon, paaralan, programa, at ahensiya o departamento ng gobyerno.** Sinuri ng mga miyembro ng komunidad at mga shareholder na dumalo sa mga pagpupulong ng NLG ang mahahalagang bahagi mula sa 300 kalahok at binigyang-priyoridad ang mga nangungunang pangangailangan at pangunahing estratehiya para sa tagumpay ng mga bata at kabataan sa Daly City. Tingnan ang pahina ng Mga Pagkilala para sa listahan ng mga organisasyon, paaralan, ahensiya, at programang lumahok sa proseso ng pagpaplano.
- **4 na pagpupulong ng Komite sa Pamamahala ng Buong County: 30 miyembro ng Komite sa Pamamahala** na kumakatawan sa 25 ahensiya, departamento, komisyon, at organisasyon ang gumabay sa proseso mula sa antas ng County at tumulong sa pag-ugnay ng mga tauhan sa pagpaplano sa mga lokal na indibidwal at organisasyon. Lumahok ang mga miyembro ng SC sa 4 na pagpupulong at nagbigay ng komento sa mga draft na estratehiya sa pagitan ng Abril at Oktubre 2018. Makikita online ang listahan ng mga organisasyon at ahensiyang kumakatawan sa Komite sa Pamamahala.

# Mga Layunin para sa CCCS ng Daly City

MGA LAYUNIN

1. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay **ligtas, malusog, masaya, at matatag** *at* **natutugunan ang kanilang mga batayang pangangailangan**.
2. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay **konektado sa mas malaking komunidad** *at* **nararamdamang sinusuportahan sila** ng mga miyembro ng pamilya, kaibigan, at/o ibang nangangalagang nasa hustong gulang.
3. Ang lahat ng bata at kabataan sa San Mateo County ay **nakikibahagi sa pag-aaral** at **kinikilala para sa kanilang mga kalakasan sa parehong loob at labas ng paaralan.**
4. **Ang lahat ng <u>sistema</u> sa San Mateo County ay madaling magamit, ingklusibo, may koordinasyon, tumutugon sa pangangailangang pangkultura, at nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi at iba pang uri ng pagkakapantay-pantay.**

# Mga Nangungunang Pangangailangan para sa CCCS ng Daly City

- Pababain ang bilang ng kabataan at batang sangkot sa mga sistema ng San Mateo County na may mataas na intensidad tulad ng mga programa ng Probasyon para sa Kabataan, Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya
- Pataasin ang kita ng sambahayan at/o pababain ang mga halaga ng gastos
- Pataasin ang kakayahan ng katarungang pangkrimen (at iba pang sistema) na tumugon sa trauma at pataasin ang positibong interaksiyon ng mga sistema at miyembro ng komunidad
- Pababain ang rasismo sa estruktura/institusyon
- Pataasin ang kalidad ng edukasyon at kakayahang tumugon ng mga paaralan sa mga pangangailangan, interes, at kalakasan ng mga mag-aaral
- Pataasin ang mga oportunidad sa pagpapagaling at pagpapaunlad at paggamit ng mga malusog na mekanismo sa pagharap ng suliranin
- Pataasin ang magagamit na ligtas, ingklusibo, at abot-kayang lugar at aktibidad para sa mga bata at kabataan


# Mga Nangungunang Estratehiya ng Daly City

| | |
|---|---|
| **Mga Estratehiya sa Antas 1** Tinitiyak na ang lahat ng bata, kabataan at pamilya ay mamumuhay sa ligtas, matiwasay at sumusuportang mga kapaligiran | 1. Suportahan ang mga patakarang nagpapanatili o nagpapataas sa dami ng pabahay na abot-kaya para sa mga residenteng may mababang kita. |
| | 2. Palawakin ang mga oportunidad sa trabahong may sapat na suweldo (living wage) gamit ang parehong patakaran at paggawa ng programa. |
| | 3. Palawakin ang aktibong pag-screen ng mga bata/kabataan (para sa kwalipikasyon sa espesyal na edukasyon, mga progreso sa pagpapaunlad, at mga ACE) at iugnay ang mga pamilyang may mababang kita sa mga libreng serbisyo/mapagkukunan batay sa mga resulta ng pag-screen. |
| | 4. Panatilihing pumapasok ang mga mag-aaral sa mga klase at pataasin ang pagiging konektado ng paaralan. |
| | 5. Bumuo ng mas ligtas at abot-kayang (o libreng) lugar para sa kabataan at mga pamilyang may mga bata para paggugulan ng oras at/o palawakin ang mga oras para sa mga umiiral na ligtas na espasyo. |
| | 6. Palawakin ang mga oportunidad para sa panlipunan at emosyonal na pagkatuto at suportang pangkalusugan para sa pag-iisip at pag-uugali na magagamit sa mga paaralan para sa parehong mga mag-aaral at tauhan. |
| | 7. Pataasin ang kamalayan ng mga tagapagkaloob at mga miyembro ng komunidad ukol sa trauma, pati na rin ang kanilang kakayahang tumugon sa trauma/krisis na nararanasan nila at ng kanilang kasamahan. |
| **Mga Estratehiya sa Antas 2** Pagbuo ng mga matatag na bata at | 8. Pataasin ang mga positibong interaksiyon ng mga pulis at miyembro ng komunidad at sanayin ang lokal na tagapagpatupad ng batas sa pagpapaunlad ng kabataan, kalusugan sa pag-iisip, implicit bias (di-namamalayang saloobin sa partikular na pangkat sa lipunan), at mga pamamaraan ng de-escalation (pagpigil sa intensidad ng problema o agresyon). |

| | |
|---|---|
| kabataan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga asset sa pagpapaunlad | 9. Palawakin ang mga abot-kayang (at libreng) aktibidad sa labas ng paaralan para sa mga bata at kabataang may mababang kita, lalo na ang kinabibilangan ng mga aktibidad na pangsining at pangkultura at mga tagapagturong nagsasalamin ng mga demograpiko ng komunidad at/o mayroong pinagsasaluhang karanasan. |
| | 10. Pataasin ang access sa legal na impormasyon, lalo na ang may kinalaman sa mga karapatan ng nangungupahan at paggamit ng mga pampublikong benepisyo. |

# Mga Asset ng Komunidad ng Daly City

Ipinapakita ng mapa sa ibaba ang mga mapagkukunan ng komunidad na umiiral sa lugar ng Daly City para suportahan ang mga bata, kabataan, at pamilya. Nakalista sa mga sumusunod na pahina ang mga asset na ipinapakita rito.



**Mga Pampublikong Paaralan sa Lugar**

- ● Mababang Paaralan
- ▲ Gitnang Paaralan
- ■ Mataas na Paaralan

**Mga mapagkukunang sumusuporta sa mga bata at kabataan**

- Mga Opisina at/o Serbisyo ng San Mateo County
- ● Asset na suportado ng pondo ng County
- ★ Big Lift Preschool (suportado ng pondo ng County)
- ✳ Iba pang asset para sa kabataan/pamilya

| | Mga Paaralan | Mga asset na matatagpuan din sa mga lugar ng paaralan |
|---|---|---|
| ▲ | Benjamin Franklin Intermediate, 700 Stewart Avenue, Daly City | |
| ● | Daniel Webster Elementary, 425 El Dorado Drive, Daly City | ★ Big Lift Preschool, Daniel Webster Elementary |
| ▲ | Fernando Rivera Intermediate, 1255 Southgate Avenue, Daly City | |
| ● | George Washington Elementary, 251 Whittier Street, Daly City | |
| ■ | Jefferson HS, 6996 Mission Street, Daly City | |
| ● | John F. Kennedy Elementary<br>785 Price Street, Daly City | ★ John F. Kennedy Preschool<br>★ Our Second Home Family Resource Center (kilala rin bilang PFS Bayshore Our Second Home)<br>● Equitable Access for DC Kids (Pagsosyo ng Daly City)<br>✳ Pagsosyo ng Daly City / Pat's Closet |
| ● | Margaret Pauline Brown Elementary, 305 Eastmoor Avenue, Daly City | |
| ● | Marjorie Tobias Elementary, 725 Southgate Avenue, Daly City | |
| ● | Susan B. Anthony Elementary, 575 Abbot Avenue, Daly City | |
| ● | Thomas Edison Elementary, 1267 Southgate Avenue, Daly City | ★ Thomas Edison Preschool |
| ▲ | Thomas R. Pollicita Middle School, 550 East Market Street, Daly City | |
| ■ | Thornton HS, 115 First Avenue, Daly City | |
| ● | Woodrow Wilson Elementary, 43 Miriam Street, Daly City | ● Sentro ng Mapagkukunan ng Mga Bata at Pamilya ng StarVista |
| ● | Westlake Elementary, 80 Fieldcrest Drive, Daly City | |
| ■ | Westmoor HS, 131 Westmoor Avenue, Daly City | |

| Mga Karagdagang Asset para sa Kabataan/Pamilya | |
|---|---|
| Mga Opisina at/o Serbisyo ng County | • North County Mental Health, 375 89th Street, Daly City<br>• San Mateo County Human Services, 271 92nd Street, Daly City<br>• Daly City Clinic/San Mateo County Health, 380 90th Street, Daly City |
| ● Mga Asset para sa Kabataan at Pamilya na suportado ng Pondo ng County | • Daly City Youth Health Center, 350 90th Street, Daly City |
| ★ Mga Big Lift Preschool (suportado ng pondo ng County) | • General Pershing State Preschool, 631 Hanover Street, Daly City<br>• PFS Bayshore 87th Street, 377 87th Street, Daly City |
| ✳ Iba pang asset para sa kabataan/pamilya | • Asian American Recovery Services, 6181 Mission Street, Daly City<br>• Caminar Eucalyptus House, 2 Edgewood Court, Daly City<br>• Community Gatepath, 550 Washington Street #100, Daly City<br>• Westlake Branch, Daly City Library, 275 Southgate Avenue, Daly City |

Tandaan: Maraming karagdagang asset, organisasyon at serbisyo ang tinukoy ngunit hindi maisama sa format ng map. Tingnan ang buong plano ng Daly City para sa buong listahan ng asset.

# Mga Susunod na Hakbang

Ang Planong ito ay isang panawagan sa komunidad para gumawa ng aksyon! Kinakatawan nito ang pinagsaluhang kadalubhasaan ng maraming miyembro ng komunidad mula sa lugar ng Daly City at isa itong mahalaga at matapang na hakbang para matiyak ang tagumpay ng mga bata at kabataan sa Daly City. Nagpapaunlad ito sa mga lokal na kalakasan at nagpapakita ng listahan ng mga pangunahing estratehiya para tugunan ang mga lokal na pangangailangan at priyoridad. Ang layunin ng Plano ng Aksyon ay manghikayat ng aksyon, anyayahan ang pampubliko at pribadong pagtutulungan, hikayatin ang pagkakaayon sa mga lokal na organisasyon at tiyakin ang patuloy na paglahok ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagtukoy ng maraming estratehiya sa malawak na mga larangan (o mga Antas), ang Plano ay nagpapakita ng daan sa tagumpay ng mga bata at kabataan, at—sa ngalan ng daan-daang miyembro ng komunidad na lumahok—ito ay isang paanyaya para gamitin ang mga asset at kalakasan ng lokal na komunidad para ipatupad ang mga estratehiyang ipinapakita rito.

Tiyaking matitingnan ang buong plano ng Daly City para sa mas maraming detalye, makikita ang mga webpage ng CCCS at makikipag-ugnayan sa hpp@smcgov.org para sa mga tanong at ideya.

# Mga Pagkilala

Isang espesyal na pasasalamat para sa lahat ng mga kalahok na ibinahagi ang kanilang kadalubhasaan, lalo na sa mga Champion ng Daly City at mga kalahok ng Neighborhood Leadership Group!

## Mga Champion ng CCCS ng Daly City

Marta Ceron
May Chen
Patricia Hurtado
Chelsea Javier
Yessenia Lopez
Julio Melendez
Claudia Melendez
Jeannel Poyaoan
Ethel Rodriguez
Marybeth Salem
Deodor Tronco

## Mga Kalahok na Organisasyon, Programa, at Ahensiya sa CCCS ng Daly City

4 Cs of San Mateo County
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling
Boys and Girls Clubs of North San Mateo County
Pagsosyo ng Daly City
Departamento ng Pulisya ng Daly City
Departamento ng Mga Serbisyong Pang-aklatan at Panglibangan ng Daly City
Sentrong Pangkalusugan ng Kabataan ng Daly City
Faith in Action, Woodrow Wilson School
Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya
First 5 San Mateo County
Konseho ng Kabataan ng Komunidad na Hapon
Distrito ng Paaralang Elementarya ng Jefferson
Distrito ng Mataas ng Paaralan ng Unyon ng Jefferson
Kabataan Alliance
Mid-Peninsula Boys & Girls Club
Pagtutulungan sa Pag-iwas ng North County
Opisina ni Superbisor David Canepa
Mga Yamang-tao ng SMC - Mga Trabaho para sa Kabataan
Spark Program
Thrive Alliance
Watch Me Grow
Surian ng Pamumuno ng Kabataan (YLI)

## Mga Ahensiya at Mga Organisasyong Kinatawan sa Komite sa Pamamahala ng CCCS

Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Kalusugan ng San Mateo County

Sentro para sa Maagang Pagkatuto, Silicon Valley Community Foundation

Sangay ng Mga Serbisyo sa Mga Bata at Pamilya, Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County

Mga Serbisyo para sa Trabaho, Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County

Faith in Action

Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pamilya, Kalusugan ng San Mateo

First 5 San Mateo
Lupon sa Pagpapayo para sa Foster na Kabataan
Health Plan of San Mateo
Mga Trabaho para sa Kabataan (Pamumuhunan sa Trabaho ng Kabataan), Yamang-Tao ng San Mateo County

Hukumang Pangkabataan, Kataas-taasang Hukuman ng San Mateo County

Yunit na Pangkabataan, Opisina ng Abogado ng Distrito ng San Mateo County

Legal Aid Society of San Mateo County

Opisina ng Pagkakaiba-iba at Pagkakapantay-pantay, Sangay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling, Kalusugan ng San Mateo County

Opisina ni Superbisor Carole Groom

Peninsula Conflict Resolution Center

Programa ng Pribadong Tagapagtanggol, Sangay na Pangkabataan (Kapisanan ng Mga Abogado ng San Mateo County)
SAMCEDA
Komisyong Pansining ng San Mateo County
Konseho ng San Mateo County para sa Pag-iwas sa Pang-aabuso sa Bata

Departamento ng Pabahay ng San Mateo County

Komisyon ng San Mateo County para sa Hustiya sa Kabataan at Pag-iwas sa Mga Krimeng Ginawa ng Kabataan

Aklatan ng San Mateo County

Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County
Departamento ng Mga Liwasan ng San Mateo County
Departamento ng Probasyon ng San Mateo County
Komisyong Pangkabataan ng San Mateo County
Youth Leadership Institute

## Mga Ahensiya ng Sistema ng Pangangalaga sa Mga Bata at Kabataan ng San Mateo County (San Mateo County Children and Youth System of Care, CYSOC)

First 5 San Mateo

Kagawaran ng Kalusugan ng San Mateo County

Ahensiya ng Mga Serbisyo sa Tao ng San Mateo County

Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County

Departamento ng Probasyon ng San Mateo County

Ang biswal na itinampok sa pabalat ay idinisenyo noong 2013 ng mga mag-aaral sa Thomas R. Pollicita Middle School para sa isang paligsahan sa pagdisenyo ng T-shirt na may temang “Daly City Pride,” para itanghal ang lungsod ng mga mag-aaral, pagsama-samahin ang komunidad, at ibahagi ang mga talento ng mga mag-aaral.

raimi + associates

COUNTY OF SAN MATEO
CALIFORNIA